

TOMO XI - ISYU 1

ENERO - HUNYO 2022

EDITORYAL

Armadong paglaban ang sandata para sa tunay na panlipunang pagbabago, kalayaan at kasaganaan


Salamin ang nagdaang halalan 2022 ng namamayaning bulok na sistema sa Pilipinas. Isa lamang itong pampulitikang ehersisyo ng mga naghaharing-uri para sa mapayapang pagpapalitan sa paghawak ng estado poder.

Pilit na ginawang pasibo at manonood lamang ng sarswela ng reaksyunaryong eleksyon ang mamamayang Pilipino. Nilinlang at ninakawan sila ng tunay na awtoridad na makilahok at makisangkot sa aktwal na eleksyon. Ang pagkapanalo ng tambalang Marcos-Duterte sa nagdaang eleksyon ay kulminasyon ng sistematikong maniobra at manipulasyon ng imperyalismong US, ng *civilian military junta* na rehimeng US-Duterte at mga kasapakat nito upang imantini ang malakolonyal at malapyudal na estado.

Kinakatawan ng pangkating Marcos, Arroyo at Duterte ang pinakasagadsaring anti-mamamayan, makadayuhan at tiranikong paksyon ng mga naghaharing uri. Sa ilalim ng kani-kanilang rehimen dinanas ng mamamayan ang pinakamadidilim na yugto ng kasaysayan. Nangangarap silang sa pagkakalukluk ng tambalang Marcos-Duterte mapipigilan ang lumalakas na pakikibaka ng mamamayang matagal nang nakikipaglaban para sa tunay na pagbabago.

Sa ilalim ng tambalang Marcos-Duterte lalo pang isasadlak sa labis na karukhaan ang mga mamamayan. Ibayo pang sisidhi ang krisis sa ekonomya, pulitika, at kultura dahil sa walang pakundangang pandarambong ng pamilyang Marcos, Duterte, at kanilang mga kroni.

Lolobo pa ang gahiganteng utang, tataas pa ang buwis, at patuloy na sisirit ang presyo ng mga bilihin. Tiyak na tatangkilikin nila ang ayuda, pautang, imprastruktura, at iba pang neoliberalistang patakaran na ekonomyang pakete ng imperyalismong US at Tsina. Upang patahimikin ang lumalabang mamamayan, gagamitin ng tambalang Marcos-Duterte ang marahas na pwersa ng NTF-ELCAC, AFP at PNP.



Sa isla ng Mindoro, malaking bahagi ng mga lokal na burukratang gobernador, bise gobernador at mambabatas ay mga nangayupapa sa mga Marcos at Duterte nitong nakaraang eleksyon upang umamot ng nakaw na yaman at impluwensya para tustusan ang kanilang kampanya. Ang ilan sa mga nangungunang opisyal sa antas lalawigan at distrito sa Occidental at Oriental Mindoro sa nakaraang tatlong taon ay naging kasangkapan sa panunupil ng pasistang 203rd Brigade (Bde) ng Philippine Army at PNP-MIMAROPA.

Sa susunod na tatlong taon, dapat na labanan sila ng taumbayan kung ipagpapatuloy nila ang programa ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) laluna ang mga paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas at sapilitang

pagpapasuko sa daan-daang mga magsasaka at katutubo sa probinsya bilang pekeng NPA *surrenderees.*

Habang todo-todo ang paglabag sa karapatang pantao at sige-sige ang pekeng pagpapasuko sa mga sibilyan, inutil naman ang mga masugid na lokal na burukrata sa paglutas sa problema sa kawalan ng lupa ng mga magsasaka, sa mababang presyo ng produkto ng mga magsisibuyas at magsasaka sa palayan. Wala din ang mga itong ginawa upang itulak na malabanan at maibasura ang pamatay-dagok sa industriya ng palay na Rice Tariffication Law. Malaking malamang na isusulong nila ang mga proyekto sa dayuhang pagmimina laluna ang *open pit mining* bilang pagsunod sa interes ng kanilang among Marcos-Duterte.

Hindi maitatago ng anumang pagbabalatkayo ang tunay na layunin ng reaksyunaryong gubyerno. Binabalewala ang demokratikong interes at kahilingan ng mamamayan kagaya ng tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon at kahit na ang maliliit na kahilingan tulad ng pagpapataas ng sahod ng mga manggagawa, pagwawakas sa kontraktwalisasyon, pagpapataas sa presyo ng mga produktong bukid, abot-kaya at makalidad na serbisyong pangkalusugan at edukasyon atbp.

Walang anumang makabuluhang pagbabago ang maasahan ng mamamayan habang nasa kapangyarihan ang mga panginoong maylupa, burgesya kumprador, at burukrata kapitalista na kinakatawan ng tambalang Marcos-Duterte.

Ang tunay na panlipunang pagbabago na hinahangad ng sambayanan ay makakamit lamang kung tatanganan mismo ng mamamayang Pilipino ang kanyang papel na magpunyagi at lumaban upang ibagsak ang kasalukuyang naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Kailangang ibayong magkaisa ang mamamayan, sama-samang kumilos at isulong ang demokratikong rebolusyong bayan.

Dapat na buuin at paganahin sa mga baryo at bayan sa isla ng Mindoro ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, katutubo at iba pang sektor sa lipunan. Ang lawak at lakas ng rebolusyonaryong pagkakaisa ng mga mamamayan ang kapangyarihang hindi kailanman magagapi at tiyak na dudurog sa kasalukuyang mapang-api at mapagsamantalang estado.

Nararapat na sama-samang kumilos ang malawak na sambayanan upang isulong ang kampanyang anti-pyudal na titibag sa mga panginoong maylupa at mga galamay ng pangkating Marcos, Arroyo, at Duterte.

Labanan ang anumang disimpormasyon at pagbabaluktot ng kasaysayan at katotohanang pinapakalat nila upang pagtakpan ang karumal-dumal nilang mga krimen at kasalanan sa sambayanan. Singilin sila sa mga krimeng ito! Labanan ang muli nilang pamamayagpag sa poder.

Dapat ding singilin at ilantad ang mga lokal na burukrata sa isla ng Mindoro na sangkot sa mga krimen ng rehimeng Duterte at aktibong nagpapakasangkapan sa NTF-ELCAC, AFP at PNP.

Nananatiling pinakamahalagang tungkulin ng mamamayan ang pagsusulong ng armadong rebolusyon. Tanging sa tagumpay lamang ng armadong rebolusyon lubusang maitatayo ang demokratikong gubyernong bayan (DGB) na nagtataguyod ng pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino.

Pangunahing lulutasin ng DGB ang daan-taong problema ng mamamayan sa kawalan ng lupa upang magbigay daan sa pagpapaunlad ng agrikultura at paghawan ng landas para sa pambansang industriyalisasyon. Pamumunuan ito ng representante mula sa mga batayang pwersa, panggitnang pwersa at Partido Komunista upang tiyakin na namamayani ang interes ng sambayanan. Paiiralin nito ang demokratikong sentralismo at kolektibong pamumuno upang itaguyod ang programang tutugon sa demokratikong kahilingan ng aping uri.

Magpunyagi tayong itayo ang DGB kung saan may batayan: sa antas baryo, bayan, at mas mataas pa. Sa ilalim ng DGB, mailuluwal ang isang lipunang tunay na kumikilala sa kalayaan at demokrasya ng mamamayan at papawiin ang pagsasamantala ng kaaway na naghaharing-uri.

Palakasin at pakamahalin ng sambayanang Pilipino ang NPA, ang pangunahing sandata para sa pagsusulong ng armadong pakikibaka laban sa reaksyunaryong estado. Maitatayo at matatag na maipagtatanggol ang DGB kapag may malakas na NPA na umaani ng malawak at malalim na suporta ng sambayanang Pilipino.

Ang magiting at ubos-kayang pagsusulong ng mamamayan ng armadong rebolusyon ang siyang magtitiyak na magtatagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan at hahawan ng landas upang makamit ang hinahangad ng sambayanan na tunay na panlipunang pagbabago, kalayaan at kasaganaan.

NILALAMAN



Editoryal: Armadong paglaban ang sandata para sa tunay na panlipunang pagbabago, kalayaan at kasaganaan 1
Labing-isang kaswalti natamo ng SAF-PNP sa ambus ng LDGC-NPA-Mindoro! 3
LDGC - NPA - Mindoro binigo ang pag-atake ng 203rd Brigade at SAF-PNP sa dalawang magkahiwalay na labanan! 3
Ika-53 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, ipinagbunyi sa isla ng Mindoro! 4
Mumong kompensasyon binigay sa mga Mindoreñong biktima ng 'hit and run' ng imperyalistang Tsina sa West Philippine Sea 4
Pagkakaisa ng Mindoreño sa Pagharap sa Virus na COVID-19 5
Pagsasanay ng Armando Serna Academy, tagumpay na inilunsad! 6
Sa Harap ng Krisis, Buo ang Kapasyahan ng mga Mindoreño na Isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan 7
Bantay Karapatan 8
Krus at Espada 9
ODKP Serye 10
Lathalain: Grabeng pagbagsak ng presyo ng sibuyas 12
Kultura: Komiks, tula, at mga kwento 13

BALITANG TO

11 kaswalti natamo ng SAF-PNP sa ambus ng LDGC - NPA - Mindoro!

Matagumpay na naglunsad ng pananambang ang isang yunit ng Lucio de Guzman Command - NPA - Mindoro (LDGC-NPA-Mindoro) laban sa pinagsanib na pwersa ng SAF-PNP at 203rd Brigade, ng 01:00 ng madaling araw, Miyerkules, Hunyo 08, sa kahabaan ng kalsada ng Sityo Miyahe, Barangay Malitbog, Bongabong, Oriental Mindoro.

Dalawang *six-by-six* na trak lulan ang mga tropa ng SAF-PNP at 203rd Brigade ang matagumpay na tinambangan ng mga Pulang mandirigma. Tumagal ang labanan ng sampung minuto. Ayon sa kumpirmadong ulat, umabot sa 11 ang kaswalti sa pasistang SAF-PNP kung saan 7 ang *killed in action* (KIA) at 4 ang *wounded in action* (WIA). Wala namang natamong kaswalti at ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Pinagpupugayan ng mamamayang Mindoreño ang inilunsad na aksyong militar ng LDGC-NPA-Mindoro. Bahagi ito ng paggawad ng rebolusyonaryong hustisya para sa higit 126,000 mamamayang Mindoreño na biktima ng tiranikong rehimeng US-Duterte at ang kasapakat nitong utak-pulburang 203rd brigade-PNP-MIMAROPA. Tatlong taong pinagdusa ang mamamayang Mindoreño ng pasistang rehimen nang ipinatupad nito ang mapanupil na JCP-Kapanatagan. Pangunahing target ang mamamayan at mga rebolusyonaryo sa isla ng mararahas na kampanyang supresyon na labis na nagpahirap sa mga mamamayan.

Ani Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng LDGC-NPA-Mindoro, "Isang mapait na pabaon at paalala sa berdugong rehimeng US-Duterte ang matagumpay na aksyong militar sa Brgy. Malitbog na sa kabila ng pagbuhos ng napakaraming pondo sa pagbili ng makabagong armas pandigma sa gera nito laban sa mamamayan ay bigung-bigo itong mapangatawanan ang ipinangangalandakang dudurugin ang rebolusyonaryong kilusan bago magwakas ang kanyang termino."

Dagdag pa nito, nakahanda ang mga mamamayan at ang rebolusyonaryong kilusan na labanan at biguin ang pakana ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II.

"Magsisilbing mensahe ang mga aksyong militar ng LDGC-NPA-Mindoro na hangga't nananatili ang inhustisya, kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi na dinaranas ng sambayanang Pilipino, patuloy na susulong at lalakas ang digmang bayan. Muli't muli, bibiguin ng rebolusyonaryo at nagkakaisang mamamayan sa isla ang pasistang paninibasib at paiigtingin ang armadong pakikibaka!"

LDGC - NPA - Mindoro binigo ang pag-atake ng 203rd Brigade at SAF-PNP sa dalawang magkahiwalay na labanan!

Bigo ang pasistang tropang 76th Infantry Batallion Philippine Army (IBPA) sa ilalim ng 203rd Brigade (Bde) sa isang labanan sa pagitan ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command - NPA - Mindoro, umaga ng Abril 17, 2022 sa So. Pitong Gatang, Brgy. Manguyang, Gloria, Oriental Mindoro. Nagtamo ng apat (4) na kaswalti ang mersenaryong pwersa ng 76th IBPA matapos ang 10 minutong labanan.

Nasa kasagsagan ng gawaing masa ang yunit ng LDGC - NPA - Mindoro nang salakayin ng panagupang tropa ng 203rd Bde. Samantala, ligtas namang nakaatras nang walang kaswalti ang mga Pulang mandirigma.


Limang patay at isang sugatan naman ang natamong kaswalti ng pinagsanib na tropa ng 4th IBPA, 76th IBPA, 68th IBPA at SAF-PNP sa tatlong magkasunod na labanan sa pagitan ng isang tim lamang ng LDGC-NPA-Mindoro noong umaga ng Abril 25, 2022, sa Brgy. Iriron at Malpalon, bayan ng Calintaan, Occidental Mindoro.

Sa proseso ng labanan, namartir si Irene "Ka Gisel" Carias, isang babaeng pulang mandirigma, katutubong Hanunuong Mangyan habang magiting na lumalaban sa mga pasista. Nasawi din ang sibilyang si G. Roberto Halig na nagkataong dumalaw sa isa niyang kaibigan na nasa loob ng yunit ng BHB.

Dahil naobligang idepensa ang sarili at ang mga kasama, magiting na nilabanan ni G. Halig ang umaatakeng kaaway hanggang sa siya ay mapaslang.

Ang dalawang aktibong depensang isinagawa ng LDGC - NPA - Mindoro ay bigwas sa utak-pulburang 203rd Bde at PNP-MIMAROPA na numero unong tagapaglabag ng karapatang pantao sa isla ng Mindoro. Notoryus ang mga ito sa labis-labis na paninindak sa hanay ng mga magsasaka at pambansang minoryang Mangyan.

Desperadong layunin nito na durugin ang rebolusyonaryong pwersa sa Mindoro upang bigyang daan ang pang-ekonomyang interes ng mga mangangamkam na panginoong maylupa at malalaking burgesya-komprador at mga imperyalistang amo ng rehimeng Duterte. Ilan sa mga ito ang proyektong *"open pit mining"*, pagtatayo ng dam, proyektong Tamaraw Reservation Expansion,



at iba pang proyektong mapanira sa likas-yaman at mang-aagaw sa lupang ninuno ng minoryang Mangyan at masang magsasaka.

Sa kabila ng kanilang pagtatangka na lipulin ang rebolusyonaryong kilusan, nananatiling bigo ang pasistang tropa ni Duterte sa kanyang hangarin sapagkat nakahanda ang mga Pulang mandirigmang magiting na lumaban at taglay nito ang di-nagmamaliw na suporta ng mamamayan. Patuloy na magsisikhay ang LDGC - NPA - Mindoro na gampanan ang pangmatagalang tungkulin nitong ipagtanggol ang pambansa-demokratikong interes ng masang Mindoreño at durugin ang mersenaryong 203rd Bde - PNP - MIMAROPA, ang armadong pwersa ng kriminal at tiranikong rehimeng US-Duterte sa isla ng Mindoro, at isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay!

BALITA

Ika-53 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, ipinagbunyi sa isla ng Mindoro!

Ipinagbunyi sa buong isla ng Mindoro ang ika-53 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Lahat ng mga yunit sa ilalim ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro (LDGC - NPA - Mindoro) ay naglunsad ng pagdiriwang sa iba't ibang rebolusyonaryong base sa buong isla.

Inilunsad ang mga pagdiriwang sa gitna ng matinding operasyong militar ng mersenaryong AFP-PNP. Simple ngunit makabuluhan ang naging pagdiriwang sa iba't ibang mga yunit ng LDGC - NPA - Mindoro.

Sa isang yunit, ipinagdiwang ang araw sa pamamagitan ng paglulunsad ng kapehan, kung saan nagbahagi ng iba't ibang karanasan at aral ang mga Pulang mandirigma mula sa ilang dekadang paglulunsad ng digmang bayan sa isla.

Sa isa namang sonang gerilya, kasamang nagdiwang ng mga hukbo ang mga masa sa isang pulong anibersaryo, kung saan nag-alay ang mga hukbo ng iba't ibang kultura para ibandilyo ang katatagan at di-magagaping diwa ng mga pulang mandirigma at masa. Ginawaran din ng pinakamataas na pagpupugay ang mga dakilang martir ng rebolusyon sa isla.



Ani Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng LDGC - NPA - Mindoro, "Magkakapit-bisig ang masa at NPA na determinadong pangibabawan ang lahat ng sakripisyo gaanuman kahirap upang isulong ang rebolusyon, biguin ang imbing layunin ng pasista, terorista at tiranong rehimeng Duterte na durugin ang rebolusyonaryong pwersa,"

Natapos ang mga pagdiriwang na nag-iwan ng mas pinag-alab na determinasyon sa mga pulang mandirigma at masa na itaguyod ang armadong pakikibaka at isulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa ganap na tagumpay.

"Sa okasyon ng ika-53 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, isinusumpa ng LDGC-NPA-Mindoro na gagampanan ang dakilang tungkuling ibagsak at lalabanan ang Marcos-Arroyo-Duterte at isusulong hanggang tagumpay ang Pambansa-demokratikong rebolusyon. Iaalay ng NPA nang buong kasiyahan, determinasyon at kagalakan ang lakas, talino at buhay sa paglilingkod sa bayan!" pagtatapos ni Ka Madaay.

SUMAPI SA BAGONG HUKBONG BAYAN!

BALITA

Mumong kompensasyon binigay sa mga Mindoreñong biktima ng 'hit and run' ng imperyalistang Tsina sa West Philippine Sea

Tatlong taon matapos ang *'hit and run'* sa West Philippine Sea ng Tsinong barkong Yuemaobinyu 042212 sa pangisdang basnig na F/B GemVer, pinanagutan na ang insidente sa halagang 6 na milyong pisong danyos perwisyo sa 22 tripulante at may-ari ng bangka noong Abril 29, 2022. Tubong San Jose, Occidental Mindoro ang 22 tripulante at pamilya dela Torre-- ang may-ari ng F/B GemVer.

Sa pahayag ni Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines - Mindoro (NDFP-Mindoro), ang usapin kaugnay sa pagbangga sa F/B Gem-Ver ay hindi maaaring ituring bilang maliit na aksidente lamang.

"Ito ay lantarang panghihimasok ng imperyalistang Tsina sa teritoryo ng Pilipinas at pagyurak sa ating pambansang soberanya. Ang 6 na milyong pisong danyos

ay malaking insulto sa mga mangingisdang nawasak ang kabuhayan mula sa walang puknat na panggigipit ng bansang Tsina," Mula nang mangyari ang malagim na insidente, naging matagal ang proseso ng pagbibigay ng kompensasyon sa mga mangingisda.

Gumulong lamang ang pagpoproseso sa paggawad ng danyos mula nang itulak ng malawak na kilusang masa ang pagpapanagot sa bansang Tsina. Mula sa inisyal na 12 milyong pisong hininging kompensasyon, nangalahati lamang sa 6 na milyong piso ang danyos perwisyo. Hindi pa ito sapat para sa ginastos na 2.3 milyong piso ng may-ari para makumpuni ang nasirang bangka, lalo na para sa 22 tripulante na hindi na nagkaroon ng istableng pamumuhay matapos ang insidente.

Ayon sa NDFP-Mindoro, barya na lamang ang danyos kumpara sa halagang nawala mula sa mga tripulanteng Mindoreñong noon pa man ay nagdarahop na ang pamumuhay.

"Hindi malilimutan ng mamamayang Mindoreño ang kanyang pagpapabaya sa buhay ng mga mangingisdang bahagi ng bumubuhay at nagpapakain sa sambayanan. Patunay na walang aasahan ang sambayanang Pilipino sa traydor na si Duterte!" pahayag nito.

Nanawagan si Ka Ma. Patricia sa mamamayang Mindoreño na panagutin ang pasistang rehimeng US-Duterte sa kasalanan nito sa mga mangingisdang Pilipino.

Aniya, "Ang hustisya para sa mga mangingisdang Pilipino ay makakamit lamang sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mamamayang handang ipaglaban ang soberanya't kalayaan ng Pilipinas!

Kung kaya't marapat lang na isulong natin ang pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba hanggang sa tagumpay.

Dito lang natin makakamit ang isang makataong lipunang kumikilala sa karapatan ng lahat, kabilang na ang mga maralitang mangingisda."

LATHALAIN

Pagkakaisa ng Mindoreño sa Pagharap sa Virus na COVID-19

Sa loob ng dalawang taong paglaban ng isla ng Mindoro sa pandemyang COVID-19, kapit-bisig ang mamamayan at hukbong bayan sa pagharap dito. Naging mahigpit na kaagapay ng mga magsasaka, katutubo at iba pang sektor ang mga medik ng bayan para maunawaan ang sakit na SARS-COV 2 o mas kilalang COVID-19.

Naglunsad ng pag-aaral kaugnay sa pag-unawa sa sakit at mga hakbangin ng pag-iwas ang lahat ng yunit ng BHB sa Isla. Nagtamasa ang mga nahimpilang sityo at baryo ng gabay ng Hukbo sa pag-iwas sa COVID-19.

Sa mga magsasaka at minoryang Mangyan naipalaganap ang madalas na paghuhugas ng kamay, pagpapasingaw (*steam inhalation*), paglilinis ng bakuran at pampublikong lugar sa mga sityo, pagtahi ng face mask at pagpapataas ng resistensya sa usapin ng nutrisyon.

Mas maaga pa, naipalaganap din ang alternatibong sistemang pangkalusugan. Ito'y siyentipiko, komprehensibo, maka-masa, nakatitindig-sa-sarili at tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan. Mahusay na nakapagsanay ng mga medik sa pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng mga *training* at pagtatayo ng mga grupong medikal sa baryo. Ikinampanya ang pagtatanim ng mga halamang gamot na pinangungunahan ng mga organisasyon ng mamamayan.

Pinatampok ang paggamit sa tradisyunal na medisinang Tsino na pinagyaman sa panahon ni Kasamang Mao, ang dakilang guro ng rebolusyong Tsino. Walang malaking gastos, walang *side effect* at tiyak na nakakatulong sa karamdaman.

Sa pag-atake ng sakit mula Oriental hanggang Occidental Mindoro, hindi naiwasan ang paglitaw ng sintomas ng pandemya sa mga eryang saklaw ng sonang gerilya.

Sa Oriental, nakaranas ng pagkawala ng panlasa at pang-amoy ang mga tinamaan ng sakit humigit-kumulang isang linggo matapos magkaroon ng lagnat. Sa Occidental Mindoro, nakaranas ang malaking bahagi ng mamamayan ng mga "*mild*" na sintomas. Mabilis ang paglaganap ng sakit. Sa loob ng isang araw ay may kasunod na 2-3 tao sa sityo ang magkakasabay na lalagnatin o di kaya ay sasakit ang katawan.

Ilan lamang ang ganitong eksena sa mga komunidad na mapupuntahan ng Hukbo. Kaagad na nagbibigay ng serbisyo at nag-aayos ng herbal na gamot para sa mga maysakit. Hindi natakot ang mga masa na magkaroon ng sakit, lalo na't may yunit ng BHB sa kanilang lugar. Sabay na pinag-aralan ng hukbo at ng masa ang kalagayan upang malapatan ng epektibong hakbangin ang mga pasyente.



...itutuloy sa pahina 6

Pagkakaisa ng...p.5

Lahat ng naranasan ng mga nagkasakit ay nabigyang lunas ng pamamaraang itinuro ng mga medik ng Hukbong Bayan.

Naging laganap ang pagpapasingaw sa hanay ng masa. Isinasabay na rin ang ibang mga paraan para sa paglunas at ang edukasyon upang itaas ang kaalaman ng masa sa kalusugan. Naging mahigpit ang tuwangan ng Hukbo at ng mamamayan sa paglaban sa nasabing sakit.

Wala mang komprehensibong serbisyong pangkalusugang naibigay ang reaksyunaryong gubyerno, higit namang napanatag ang kalooban ng masa sa pagtuwang ng Hukbong Bayan sa paglaban sa COVID19. Matibay na patunay na basta nagkakaisa ay kayang harapin ang kahit na ano mang suliranin, usapin man ng *virus* na sakit o kahit ang *virus* na dulot ng rehimeng US-Duterte.

Sa ngayon, patuloy pa rin na ipinapalaganap sa iba pang mga lugar sa isla ang kagawian para sa pag-iwas at pamamaraan upang labanan ang *virus*. Hangga't hindi pa rin napagtatagumpayang mapangibabawan ang *virus* na COVID-19, patuloy na isusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang kampanya upang labanan ito.

BALITA

Pagsasanay ng Armando Serna Academy, tagumpay na inilunsad!

Matagumpay na inilunsad sa isla ng Mindoro ang pagsasanay militar ng Armando Serna Academy (ASA) sa kabila ng walang puknat na operasyong militar ng pasistang AFP-PNP.

Ang ASA ang paaralang militar ng Lucio De Guzman - Command - NPA - Mindoro (LDGC-NPA-Mindoro). Nagsasagawa ito ng mga pagsasanay pulitiko-militar sa hanay ng mga hukbo at masa upang higit pang pataasin ang kasanayang militar at kahandaan sa pakikipaglaban.

Ibinalangkas ang kurso ng pagsasanay na angkop sa pangangailangan ng mga hukbo sa iba't ibang larangan ng gawain. Kabilang dito ang pagsasanay sa paniktik, pamamaril, paghagis ng granada, at pagmaniobra sa iba't ibang senaryo ng labanan at kalupaan. Nilaman din nito ang mga kasong aralin sa opensiba at depensibang labanan, maging ng mga inilunsad na operasyong militar ng kaaway sa nakaraang tatlong taon.



Pinalalim ang kaalaman ng mga nagsasanay sa kalagayan ng Mindoro nang pag-aralan nila ang panlipunang pagsisiyasat sa isla ng Mindoro at mga paksa kaugnay ng gawaing masa't mga kasong aralin sa paggampan ng gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa. Ibayo pang naitaas ang pagkakaisa ng pulang hukbo nang sama-sama nilang pag-aralan ang mga paksa upang bakahin ang burukratismo, kumandismo at liberalismo.

Matagumpay na napagtapos ng treyning ang mga bagong sampa, mga mandirigma at opisyal ng LDGC-NPA-Mindoro na nagmula sa kanayunan at kalunsuran.

> *"Nakatitiyak tayo na mas mapapataas ang kumpyansa ng mga Pulang mandirigma sa pagharap sa atake ng kaaway at pagtatanggol sa mamamayan."*

Naitaguyod nang maayos ang treyning sa pulitiko-militar sa tulong ng mga masang taguyod sa loob ng rebolusyonaryong base. Malaking katuwang ang mga lokal mula sa pag-aasikaso ng rekurso hanggang sa pagtitiyak ng seguridad habang nasa proseso ng buong pagsasanay.

Ayon kay Ka Mario, punong instruktor, "Isang malaking tagumpay ang regular na makapaglunsad ng pagsasanay militar sa hanay ng Pulang Hukbo sa kabila ng mga operasyong militar. Isang hamon ang paglulunsad ng pagsasanay sa gitna ng pagtakda sa Mindoro bilang 'eye of the storm' ng kampanyang supresyon ng AFP-PNP sa rehiyong Timog Katagalugan. Nakatitiyak tayo na mas mapapataas ang kumpyansa ng mga Pulang mandirigma sa pagharap sa atake ng kaaway at pagtatanggol sa mamamayan.

Sampal sa mukha ng reaksyunaryong rehimen ang mga napagtapos ng treyning militar na ito. Malaking puhunan ang bagong kaalaman at taktikang natutunan ng mga nagsipagtapos upang ibayo pang pasiglahin ang digmang bayan sa isla sa mas mataas na antas!"



Sa Harap ng Krisis, Buo ang Kapasyahan ng mga Mindoreño na Isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan

Lahat ng tumungo sa Mindoro ay itinulak ng paghahangad ng bago at mas maunlad na buhay. Kahanga-hanga ang kwento ng paglaban nila sa kahirapan, mabigyan lamang ng disenteng pamumuhay ang kanilang pamilya.

Kasama sa kwento ng buhay ng mga Mindoreño ang pagharap sa pasismo at karahasan mula sa reaksyunaryong estado. Mula sa isang diktadura tungo sa isa pa, litaw ang kagitingan ng mga Mindoreño.

Sa gitna ng pasistang pananalasa ng diktadurang US-Marcos sa ilalim ng batas militar, nagpunyagi sa paglaban ang mamamayan upang isulong ang kanilang mga demokratikong interes at karaingan. Karumal-dumal na paglapastangan sa karapatang-tao at paghasik ng teror ang tugon ng diktadurang Marcos sa magiting na paglaban ng mamamayan.

Sa kabila nito, hindi nagawa ng rehimen na puksain ang militanteng diwa at paglaban ng mamamayan na ipinundar mula pa noong Sigwa ng Unang Kwarto. Imbes ay higit na binigyang-katwiran nito ang kanilang paglaban upang magtanggol at palayain ang sarili sa tiranikong paghahari, krisis pang-ekonomya, panlipunan at pampulitika sa buong bansa.

Sa isla ng Mindoro, ipinunla ang mga binhi ng rebolusyonaryong pakikibaka ng masang Mindoreño sa gitna ng pasistang diktadura. Matapos ang dalawang bigong tangka noong 1973 at 1974, makapagpupunyagi sa pagpapalawak ang isang tim ng NPA na ipinadala sa isla noong 1980.

Bitbit ang di magagaping diwa ng pambansang demokrasya at linyang masa na nakakintal sa bawat Pulang mandirigma ng NPA, mapangahas na nagpundar ang mga kasama sa dalawang probinsya ng Mindoro at matagumpay na nakalangoy sa malawak na masang magsasakang naghahangad ng makabuluhang panlipunang pagbabago. Mabilis na nakaugat ang yunit sa masang magsasaka at mga Mangyan na malaon nang pinagsamantalahan, inagawan ng lupa ng mga panginoong maylupa para gawing pastuhan at plantasyon. Biktima rin sila ng pambabarat sa kanilang mga produktong bukid at pagpapalayas sa kanilang mga sakahan at pook-panirahan.

Bunsod nito, sa loob lamang ng mahigit isang taon mula 1980 hanggang 1981 ay naisagawa ng yunit ang pagpapalawak hanggang sa maabot ang mga bagong erya. Noong 1981, nagagawa na ng mga kasamang maghati sa tatlong pangkat na nagpapalawak sa patimog at pahilaga ng isla.

Sa desperasyon ng diktadura na "kitlin sa usbong" ang noo'y papalawak na rebolusyonaryong kilusan sa isla, agad na ikinasa ang sustenidong mga operasyong militar ng Philippine Constabulary (PC). Malawakang isinagawa ang pagdukot, iligal na pag-aresto at pagkulong, tortyur at sapilitang pagpapasuko sa mamamayang pinaghihinalaang kumakanlong sa mga rebolusyonaryong pwersa at yaong mga kumikilos para igiit ang kanilang karapatang mabuhay mula sa sariling pagsisikap. Sapilitang nirekluta ang mga sibilyan sa Civilian Home Defense Force (CHDF) at barangay *brigade* na nagsilbing *auxiliary force* ng PC sa mga operasyong militar at paniktik.

Ngunit di nagpatinag ang masa at NPA sa tangkang supresyon ng pasistang rehimen. Noong 1983, matagumpay na nakapagpalawak ang mga yunit ng NPA sa dalawang probinsya. Umabot sa libong mamamayan ang naipaloob sa mga saligang organisasyong masa na panimulang nakapag-abante ng rebolusyong agraryo (RA). Mula 1985 hanggang 1986, inilunsad ng masang magsasaka at katutubong Mangyan sa tulong ng mga yunit ng NPA sa iba't ibang bayan ang RA sa anyo ng mga okupasyon ng tiwangwang na lupa, mga pastuhan na kumamkam sa kanilang mga lupang sakahan at pook-panirikan. Tila apoy sa kaparangan na kumalat ang kilusang okupasyon na sumaklaw sa mga bayan sa timog Oriental Mindoro hanggang gitnang Occidental Mindoro.

Ilang tampok na halimbawa ang mga okupasyon sa lupang PLDT sa Brgy. Ilvita, Sablayan at pastuhan ng mga Campano at Guevarra sa So. Gutad, Brgy. Tanyag, Calintaan, Occidental Mindoro, pastuhan ni Danding Sanggalang sa So. Cambayang, Brgy. Cabugao, Bulalacao at pastuhan ni Sergio Maliwanag sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Ang tagumpay ng mga RA-okupasyon ay manipestasyon ng malawak at malalim na palabang baseng masang naipundar ng mga rebolusyonaryong pwersa sa isla.

Inabot ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ang lakas na ito sa loob lamang ng ilang taon habang nakikihamok ang masa at NPA sa pasismo ng diktadurang Marcos. Ang RA na sinimulan sa huling yugto ng diktadurang Marcos ay nagpatuloy hanggang dekada 1990 at hanggang sa kasalukuyan ay napakikinabangan ng masang magsasaka at katutubong Mangyan ang mga tagumpay na nakamit dito.

Kung lilingunin ang nagdaang panahon sa punto-de-bista ng kasalukuyan, nahigitan na ang pasismo ng diktadurang Marcos ng kasalukuyang karahasan at teror na inihahasik ng tiranikong si Duterte.

Mula 2019 ay laganap ang mga Focused Military Operations (FMO) at Retooled Community Support Program Operations (RCSPO) ng 203rd Brigade (Bde) at PNP-MIMAROPA na sumaklaw sa 23 bayan sa dalawang probinsya ng isla.

Gumamit ang AFP at PNP ng modernong mga kagamitang militar kagaya ng Blackhawk Helicopters at Howitzers upang bombahin ang mga pamayanan ng mga magsasaka at katutubong Mangyan at sapilitan silang pinalayas.

Puong libong mga sibilyan ang sapilitang pinasuko, malaganap ang pamamaslang, tortyur, pagdukot at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao.

Dagdag na pahirap sa mamamayan ang terorismo ng estado ni Duterte sa gitna ng lumalalang krisis pang-ekonomiya na pinalala pa ng palpak na pagtugon sa pandemyang COVID-19, lumolobong dayuhang utang, mga neoliberal at anti-mamamayang patakaran kagaya ng Rice Tariffication Law (RTL) at pagpapahintulot sa sandaang porsyentong pagmamay-ari ng mga dayuhan sa mga lokal na industriya.

Pinatunayan ng mahabang karanasan ng mga Mindoreño na ang krisis panlipunan at karahasan ng estado ay lalong nagpapaalab sa rebolusyonaryong diwa ng mamamayan.

Kasabay ng pagmartsa ng Partido at NPA sa iba pang bahagi ng bansa, nakamit ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ang mga maniningning na tagumpay ngayong taon. Kabilang dito ang mga taktikal na opensibang bumigwas at nagparusa sa kaaway, pagpapalawak sa mga bagong erya, rekoberi at reaktibasyon sa mga eryang pansamantalang naiwanan at mga kolektibong pagkilos ng masa upang labanan ang pasismo at isulong ang kanilang mga demokratikong kahilingan.

Ang papalakas na paglaban ng mamamayan kasama ng rebolusyonaryong kilusan ang bibigo sa tambalang Marcos-Duterte at mga kasapakat nito. Sa huli, pupulutin sila sa basurahan ng kasaysayan habang patuloy na nagpupunyagi ang mamamayan hanggang sa makamit ang minimithing tunay na demokrasya at kaunlaran sa buong bansa.

BANTAY KARAPATAN





1 KASO ng PWERSAHANG PANGHIHIMASOK sa bahay ng masa

noong Pebrero, sa isang pamayanan sa Mansalay, Oriental Mindoro. Hinalughog ng AFP ang bahay ng isang masa na inaakusahan nilang sumusuporta sa BHB.

"KALOY"

Mangyan-Buhid mula sa Sitio Mantay, Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro, na nagpakamatay noong Abril matapos dumanas ng matinding mental torture sa mga interogasyon ng 4th IB.

Sa tuwing iniinteroga si Kaloy ng sundalo, ***sinusundan agad ito ng putok ng baril sa gilid ng kanyang ulo.***


NDFP-MINDORO BULLETIN
MULA KAY KA MA. PATRICIA ANDAL

Krus at Espada

Ang sabwatan ng kleriko-pasistang pangkating AWR-SDA at AFP-PNP-MIMAROPA sa gera laban sa mamamayang Mindoreño

Isang batayang prinsipyo ng NDFP ang pagrespeto sa karapatan sa paniniwala. Ang karapatang ito'y patakarang ginarantiyahan ng Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB). Ginagalang ng DGB ang mga relihiyon at binibigyan ang mga ito ng kalayaan at pahintulot na maglunsad ng aktibidad at mga proyekto sa isla ng Mindoro.

Subalit, kung aktibong nagpapakasangkapan ang mga relihiyosong grupo sa reaksyunaryong rehimen, lalo na sa armadong pwersa nito tulad ng 203rd brigade at PNP-MIMAROPA laban sa rebolusyon at mamamayan, walang ibang dapat gawin ang mamamayang Mindoreño kundi ilantad, itakwil at labanan ito.

AWR-SDA, INSTRUMENTO NG 203RD BRIGADE SA PAGPAPASUKO

Hayagang nakikipagsabwatan ang Adventist World Radio-Seventh Day Adventist (AWR-SDA) sa maruming gera na inihahasik ng 203rd brigade (BDE) na nagdulot ng malalang paglabag sa mga pantaong karapatan at karumal-dumal na krimen laban sa mamamayang Mindoreño.

Ang AWR-SDA ay kasama sa mga pulong-pagpapasuko na pinangungunahan ng 203rd Bde sa iba't ibang pamayanan sa isla. Matapos pasukuin ang mga sibilyan, bibinyagan naman ito ng SDA para maging myembro nila.

Aktibo itong nagbibigay ng institusyonal na suporta sa programang pagpapasuko ng ECLIP (Enhanced Comprehensive Local Integration Program) sa pamamagitan ng mga programa ng simbahan. Ginagamit nila ang bawat aktibidad sa pagpaparami ng kanilang mananampalataya, kagaya noong Marso 25, 2022 sa bayan ng Mansalay, Oriental Mindoro.

Samantala sa likod nito ay kinukulimbat ng mga kasabwat na upisyal militar ang P65,000 na pondong nakalaan sa bawat "mapapasuko" habang halos wala o kakarampot lamang ang natatanggap ng kalakhan ng mga biktimang mamamayan. Naging palabigasan para sa AWR-SDA at sa mga pasista ang mga pagpapasuko na pinondohan ng malaki ng rehimeng Duterte sa pamamagitan ng pekeng programang ECLIP.

Kalapastanganang sinabi ng AWR sa inilathalang *newsletter* nito noong Hunyo 2021 na ang CPP-NPA-NDFP ay *wanted men, criminals and assassins.*

Buong kasinungalingan at mapang-upat pang sinabi na "ang mga rebeldeng ito ay nagtatago sa kaloob-looban ng gubat at lalabas lamang upang lumaban, pumatay, at armado ng AK-47s. Karamihan sa kanila ay mga mamamatay-tao sa buong buhay nila."

Isa itong direktang atake laban sa rebolusyonaryong kilusan ng isang simbahang hayagang nakikipagsabwatan sa berdugong 203rd brigade na utak sa likod ng walang habas na pambobomba, extrahudisyal na pamamaslang, panghaharas, at pagyurak sa karapatang pantao ng mga Mindoreño.

Malinaw na mangmang ang AWR-SDA sa katangian, layunin at rekord ng CPP-NPA-NDFP sa mga mamamayan.

Inilalantad mismo ng AWR-SDA ang kaibuturan nito bilang kontra-rebolusyonaryo at kontra-mamamayan. Kita ang maitim na sabwatan ng AWR-SDA sa 203rd Brigade sa pagpapatupad ng dahas at pasismo ng JCP-Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte.

SANDATA SA PANUNUPIL NG MAMAMAYAN

Ang JCP-Kapanatagan ay gera laban sa bayan ng papet, pasista at tiranong rehimeng US-Duterte upang durugin ang rebolusyonaryong pwersa. Ang pakikipagsabwatan ng AWR-SDA ay nagsisilbi sa imperyalismong US sa Pilipinas bilang isang espesyal na ahente sa pakikidigmang sikolohikal. Nagkokoro ang AWR-SDA at ang 203rd BDE sa saliw ng pandaigdigang gera laban sa terorismo ng numero unong teroristang imperyalistang kapangyarihan sa buong mundo, ang imperyalismong US.

Sa gayon, AWR-SDA na ang isa sa espesyal na ahente sa pakikidigmang sikolohikal ng imperyalismong US sa Pilipinas, partikular sa Mindoro. Mahihinuhang ginagawang *pilot project* ng imperyalismong US ang SDA sa kanilang espesyal na proyekto sa pakikidigmang sikolohikal ang isla ng Mindoro at pambansang minoryang Mangyan, bahagi ng kanilang gasgas na taktika sa kontra-insurhensya na limasin ang tubig na nilalanguyan ng isda.

Ang pamimili ng lupa ng SDA at ilan nilang mga pastor sa Mindoro ay bahagi ng kanilang pagpapalawak at pagpapatatag ng kanilang presensya sa isla lalo na sa mga erya ng pambansang minoryang Mangyan, tulad ng pagpapastol sa mga kawan ng mananampalataya upang ialay ito sa mga mamamatay-taong 203rd brigade at rehimeng US-Duterte.

May balak pa silang dalhin ang ganitong operasyong saywar sa Mindanao. Tunay na isang kabalintunaan para sa isang relihiyon at simbahan na nananalangin ng kapayapaan at kabutihan.

Ngayon pa lamang, nararapat na ilantad, itakwil at labanan ito ng sambayanang Pilipino.

...itutuloy sa pahina 10

ANG TUNAY NA KAPAYAPAAN AY SISIBOL SA MAKATARUNGANG DIGMA

Sa isla ng Mindoro, ang CPP-NPA-NDFP ang tunay na pwersang naging katuwang ng mga magsasaka't minoryang Mangyan upang labanan ang pangangamkam ng mga lupain at pagsasamantala ng mga panginoong maylupa at lokal na tirano. Ilampung libong ektarya at ilandaang libong magsasaka at minorya ang nakinabang sa rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa, alinman sa pamamagitan ng libreng pamamahagi ng mga lupaing nakumpiska ng CPP-NPA-NDFP sa mga despotikong panginoong maylupa o sa pamamagitan ng mga kampanya upang ibaba ang upa sa lupa, itaas ang sahod ng manggagawang bukid, pawiin ang usura at sapilitang pagpapatrabaho sa mga magsasaka.

Ang patuloy na lumalawak at lumalalim na suporta ng mamamayan sa makatarungang armadong pakikibakang inilulunsad ng CPP-NPA-NDFP ang siyang dahilan kung bakit hindi kailanman ito nagapi, magapi at magagapi ng kaaway. Mabibigo ang AWR-SDA at ang 203rd BDE-PNP MIMAROPA sa kanilang hangaring linlangin ang mamamayan upang wasakin ang rebolusyonaryong kilusan.

Lalabanan, ilalantad at itatakwil ng sambayanang Pilipino at mga Mindoreño ang sabwatang AWR-SDA-203rd BDE-PNP MIMAROPA bilang mga pangunahing instrumento ng tiraniko at kriminal na rehimeng US-Duterte!

ODKP SERYE

Magpunyaging Palakasin ang mga Organo ng Kapangyarihang Pampulitika at Itayo ang Demokratikong Gubyernong Bayan!

Tunay na mas madilim pa sa pusikit na gabi ang aasahang kinabukasan ng malawak na masang sambayanan sa harap ng sumasadsad sa krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal.

Pagdurusa at pagkabusabos ang matatamo sa ilalim ng pamumuno ng magnanakaw at mamamatay-taong pangkating Marcos-Duterte. Magdudulot lamang ng ibayo pang kapinsalaan sa produktibong pwersang mga anak-pawis — mga mangagagwa at magsasaka at tuluyan silang lulunurin sa delubyo ng kahirapan at panunupil ng ilihitimong estado poder ng rehimeng US-Marcos II.

Isang mahigpit na pangangailangan ngayon ang pagpapalakas pa ng armadong pakikibaka upang matiyak ang tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan--ang tanging solusyon sa bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal.

Higit kailanman, lalong mahigpit ang pangangailangan na panghawakan ng mamamayan ang sariling pagpapasya upang likhain ang bagong lipunan na may tunay na kalayaan, hustisya at kasaganaan.

Lipunang tunay na naglilingkod sa interes at kagalingan ng mas nakakaraming mamamayan. Lipunang hawak ng rebolusyonaryong mamamayan ang estado poder.

Nararapat na magpunyagi ang rebolusyonaryong mamamayan na palakasin ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga larangang gerilya sa kanayunan. Sa pamamagitan nito, lubusang malilikha ang organisadong lakas ng mamamayan upang puspusang isulong ang rebolusyonaryong reporma sa lupa at pawiin ang paghahari ng mga despotikong panginoong maylupa at malalaking burgesya komprador.

Balikan ang kasaysayan ng matiyaga at puspusang paglalatag sa pangunguna ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Mahigpit na pinanghawakan ang patakaran ng Partido sa nagkakaisang prenteng antipyudal.

Sumandig sa mahihirap na magsasaka at manggagawang bukid, kinabig ang panggitnang magsasaka, ninyutralisa ang mayamang magsasaka at naliliwanagang panginoong maylupa, tinitiyak na itinutuon ang pangunahing bigwas laban sa malalaki at despotikong panginoong maylupa.




Sa loob ng 53 taon na paglulunsad ng digmang bayan, nakapag-ipon ang Partido at BHB ng maniningning na tagumpay sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan. Nailatag nito ang mga larangang gerilya sa 13 rehiyon sa buong bansa na nagtatamasa ng suporta ng milyon-milyong mamamayan.

Sa naipundar na 110 larangang gerilya naipunla ang binhi ng demokratikong gubyernong bayan sa libu-libong barangay, daan-daang munisipalidad, at ilampung distrito sa buong bansa. Sa mga erya kung saan itinatayo ang mga ito masiglang tinatamasa ng mamamayan ang demokrasya at aktibo silang lumalahok sa buhay pulitika, ekonomya, lipunan, kultura at seguridad.

Sa Mindoro tunay na naging sandigan ng mga pakikibakang masang Mindoreño ang Bagong Hukbong Bayan. Napagtagumpayang mabawi ang ilampung libong ektaryang lupain ng mga magsasaka at minoryang Mangyan mula sa mga mangangamkam na panginoong maylupang nagpastuhan at burgesya kumprador na nagtangkang magmina.

Ang mga samahan at organisasyong masa na matiyagang ipinundar ay mas pinatatag sa pagtatayo ng organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa malakas na tulong ng BHB. Bunga nito, naging mas mahigpit ang pagkakaisa at walang humpay ang pagtutulungan ng masa at hukbo sa pagsusulong ng rebolusyon.



Mahalaga ang pagtatayo ng organo ng kapangyarihang pampulitika (ODKP)

Sa pamamagitan lamang ng pagtatayo ng ODKP matitipon ang organisadong lakas ng mamamayan para pakilusin ang buong sambayanan at ipagtagumpay ang rebolusyon. Dito itinataas ang kamulatan at kinokonsolida ang masa para sa lahatang panig na pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Ito ay isang malaking hamon sa mamamayang Mindoreño.

Ang ODKP ay ang estadong bayan na hakbang-hakbang nang itinatayo kahit namamayani pa sa buong bayan ang reaksyunaryong estado.

Dito nagmumula ang demokratikong kapangyarihang pinalalakas para sa lehitimong mga interes at mithiin ng mamamayan. Ito ang binhi ng rebolusyonaryong gubyernong bayan na nagpapanday sa masa sa pagpapatakbo ng sariling gubyerno.

Sentral na tungkulin ng ODKP ang pagpapatupad ng mga hakbang at patakaran para sa pagsusulong at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan; pagsuporta sa Bagong Hukbong Bayan at armadong rebolusyon; pagsusulong ng rebolusyonaryong reporma sa lupa; at paglulunsad ng mga kampanya at pakikibakang masa sa larangan ng pulitika, ekonomya, militar, kultura, kalusugan, at iba pa.

Kailangang itatag ang mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo (KRB)

Dapat na malawakang buuin ang mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo o KRB dahil ang mga ito ang pangunahing organisasyon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa antas baryo sa kanayunan, na magbubuklod sa milyun-milyong magsasaka at iba pang progresibo at demokratikong uri at elemento para sa rebolusyon.

Bilang lokal na ODKP, ibayong iniaangat ng KRB ang kamulatan, pagkilos at organisasyon ng baseng masa sa mga konsolidadong bahagi ng kanayunan, at lahatang-panig na pinauunlad ang mga rekisito sa pulitika, organisasyon, militar, ekonomya at kultura para sa pagsulong ng armadong rebolusyon sa mas mataas pang mga antas. Sa pagbubuo ng mga larangang gerilya, isang mahigpit na tungkulin ang pagtatayo at pagpapaunlad ng mga KRB bilang lokal na ODKP. Mahalaga kung gayon na mabigyan ito ng prayoridad sa mga plano sa konsolidasyon.

Kapag may malaki-laking bilang na ng baryong natatayuan ng ganap na samahang masa, sangay ng Partido at yunit ng milisyang bayan, masiglang lumalahok ang masa sa mga rebolusyonaryong pakikibaka, at wala nang aktibong galamay ang kaaway, maaari nang itayo ang KRB. Pinakamainam na buuin ang KRB sa kulumpon sa halip na sa paisa-isa't hiwa-hiwalay na baryo. Dapat ding sikaping magkaagapay na mabubuo ang mga KRB sa dalawa o higit pang kulumpon ng mga konsolidadong baryo at baseng gerilya.

Sa gayon, maiiwasang makaakit ng pansin ng kaaway ang iilang magkakalapit na baryo o isa lamang maliit na kulumpon ng mga baryo. Higit sa lahat, matitiyak na susulong nang paalun-alon ang pagtatayo ng mga baseng gerilya at ODKP sa papalawak nang papalawak na bahagi ng kanayunan.

Angkop sa inabot na antas ng malawakan at masinsing pakikidigmang gerilya, mahalagang ipatupad ang lihim na estilo ng pagtatayo at paraan ng paggawa ng mga ODKP.

LATHALAIN

Grabeng pagbagsak ng presyo ng sibuyas sa Mindoro, epekto ng neoliberal na patakaran ng rehimeng US-Duterte

Ang isla ng Mindoro ay isa sa malaking prodyuser ng sibuyas sa bansa na nagsusuplay sa CALABARZON, Kabisayaan at Palawan. Noong 2014 umaabot sa 13,330 metriko tonelada ang produksyon ng sibuyas sa isla kung saan ang 99% nito ay mula sa Occidental Mindoro. Ang mga bayang pangunahing prodyuser ng sibuyas ay ang Magsaysay, San Jose, Calintaan at Sablayan sa Occidental at sa hangganan ng Bulalacao sa Oriental Mindoro.

P 8.00
P12.00
P15.00
Karaniwang presyuhan ng sibuyas kada kilo sa Mindoro

Dati ay relatibong may kita kahit kaunti sa pagsisibuyas. Subalit nitong huli, luging-lugi na ang mga magsasakang magsisibuyas sa kasalukuyang mga presyuhan sa Mindoro na Ph 8, Ph 12 at Ph 15 bawat kilo ng sibuyas. Pinahihirapan na nga sa mataas na upa sa lupa, usura at napakataas na malaking gastusin sa produksyon, dagdag pang pahirap ang napakababang presyuhan sa mga magsisibuyas.

Sa isang kasong aralin sa isang ektaryang lupa umabot sa Ph 57,590 ang kabuuang gastos sa produksyon ng sibuyas-- umabot sa Ph 21,050 ang para sa *farm-input* na kinabibilangan ng 2 latang buto ng sibuyas, abono, pestisidyo at panghalo sa pestisidyo, at mga *red bags*; umabot naman sa Ph25,500 ang sa lakas-paggawa para sa pag-aararo, patanim, padamo, paggawa ng *plot* at kanal at sa pag-ani; at Ph11,040 sa gasolina para sa *water pump*. Pagkatapos ng apat na buwan umani sila ng kabuuang 4,200 kilos na sibuyas. Tiyak na ibayo pang tumaas ang gastos sa produksyon ng sibuyas matapos ang kulang 8 taon dahil na din sa walang tigil na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at implasyon sa Pilipinas.

Sa kasalukuyang presyong Ph8 bawat kilo, ang kabuuang halaga lamang ng sibuyas na Ph33,600 ay kulang ng Ph23,990 para punan ang Ph57,590 na gastos sa produksyon. Samantala sa presyong Ph12 bawat kilo, ang kabuuang kikitain nila ay Ph 50,400, kulang pa ng 7,190 sa gastos na binuno nito. Habang sa presyong Ph15 bawat kilo ay Ph 63,000, kikita lamang siya ng 5, 410. Alinman sa umiiral na presyuhan ng sibuyas sa Mindoro, walang kikitain ang mga magsasaka at luging-lugi!

Pinalala pa ito ng umiiral na sistemang arbitraryo na pagpipresyo ng sibuyas ng mga komprador at *traders*. Sa ganitong sistema, malinaw na pinagkaitan ng karapatan sa kanilang produkto ang mga magsisibuyas. Dagdag pahirap pa sa kanila ang sistema ng 'salandra' kung saan hindi na binabayaran ng mga mamimili ang mga sibuyas na hindi pasok sa gustong sukat nito.

Ang pagbagsak ng presyo ng sibuyas sa isla ay epekto lamang ng neoliberal na patakaran ng rehimeng US-Duterte. Dahil dito, nagpapatupad ng mga hindi kinakailangang importasyon ng sibuyas ang reaksyunaryong gubyerno sa pamamagitan ng Departamento sa Agrikultura.

Sa harap ng masamang epekto ng neoliberal na patakaran sa mga magsisibuyas na Pilipino, walang mapagpasyang hakbang ang papet na rehimeng US-Duterte upang lutasin ang problema ng mga magsasakang magsisibuyas, hindi lamang sa Mindoro kung hindi ganun din sa ibang bahagi ng bansa tulad ng sa Nueva Ecija. Karaniwan pa naman na itinataon pa ang mga importasyon sa panahon ng anihan.

Imbes na protektahan ang sariling industriya ng pagsisibuyas ng mga magsasakang Pilipino, patuloy pang kumakapit sa mga neoliberal na pang-ekonomyang patakaran ang *economic managers* ng rehimen.

P21, 050– Farm Input
P25, 500– Lakas Paggawa
P11, 040– Gasolina

P 57, 590

Kabuuang gastos sa produksyon ng sibuyas noong taong 2014.

LUGING-LUGI!

Matapos awasin ang gastos sa produksyon, kumikita lang ang magsisibuyas ng

P5, 410

sa presyong P15.00/kl


Samantala, abonado pa ito ng

P23,990

sa presyong P8.00/kl

P7,190

sa presyong P12.00/kl



Pinalala pa ito ng arbitraryong sistema sa pagpepresyo ng sibuyas tulad ng

SALANDRA

hindi na binabayaran ng mga mamimili ang mga sibuyas na hindi pasok sa gusto nilang sukat

Isa sa mayor na nilalaman ng neoliberal na patakarang ito ang walang-konsiderasyong pagpapapasok o importasyon ng mga produktong agrikultural tulad ng palay, asukal, bawang at sibuyas.

Bukod sa sibuyas, pangunahing naapektuhan ng neoliberal na Rice Tariffication Law ang industriya ng palay at bigas sa isla ng Mindoro at buong bansa.

Sa katunayan grabeng kahirapan na para sa mga magsasaka ang pinsalang dinulot nito—napakababang *farmgate-price* ng mga produktong agrikultura na halos wala nang kinikita ang mga magsasaka. Pinapatay ng neoliberal na patakaran at programa ng tiranikong rehimeng US-Duterte ang agrikultura at ang mga magsasaka sa Pilipinas gayong ang mga ito ang pangunahing nagpapakain at bumubuhay sa sambayanang Pilipino.

Malulutas lamang ang problema ng mga magsisibuyas at ng masang magsasaka sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa, kaakibat ng pambansang industriyalisasyon.

Sa pamamagitan nito, ibabasura ang neoliberal na patakaran, lalabanan ang hindi kinakailangang pag-iimport, lulutasin ang problema sa lupa ng mga magsasaka at magsisibuyas upang makalaya sa pyudal na upa sa lupa, mababang pasahod, usura at mababang presyo ng produktong bukid.

Makakamit lamang ito sa pamamagitan ng pag-asa sa sariling rebolusyonaryong lakas ng masang magsasaka't magsisibuyas, kasama ang Bagong Hukbong Bayan at mga makabayang pwersa upang ibunsod ang malakas na kilusan para sa rebolusyong agraryo at pambansang industriyalisasyon.

KOMIKS

PATUNGKAB AT PUGAKANG



MAGSISIBUYAS, MAGKAISA!



KULTURA

NANG MULING MAGKADAUPANG PALAD

Ka Ningning

"Buwan ng Abril, nasa panahon kami ng atrasan
Napadpad sa lugar gamit ang bagong rutang binuksan
Gabay lamang ay ang direksyon ng pupuntahan;
Isang araw, sa kainitan ng mahabang paglalakbay
Napatigil kami malapit sa mga kaparangan
Naobligang ugnayan ang mga masa sa di kalayuan
dahil tiyak na presensya nami'y mararamdaman;
May pag-aalinlangan dahil kailangang di malantad
Pakumando lang sa pag-ugnay, ang masa'y susubukan..."

Sumalubong sa aming *team* ang mga nagtatahulang aso ng masa.

"Tao po! Magandang gabi po!" Bahagyang pinagbuksan kami ng pinto ng kinakabahang mga masa.

"Pwede po bang pakisaway ang mga aso? Magtatanong lang po sana kami!"

Dinig namin ang tanungan ng mga nasa loob ng bahay, *"Sino ba 'yan, Dong?! Ba't mo binuksan agad ang pinto?!!?!"*

Nagpakilala na ako, *"Huwag po kayong matakot, mga kasama po kami!"*

Tuluyan nang binuksan ang pinto. *"Tuloy po kayo sa aming bahay. 'Tay, mga kasama raw!"*
"Papasukin nyo dali. Tuloy kayo, welcome kayo sa aming bahay!"

Nagkagulo ang mga nakatira sa bahay, lahat ay nag-aasikaso sa amin. *"Dong, magsig-ang na ng pangkape! Beng, magsaing baka di pa sila naghahapunan."*

Todo-hingi ng pasensya ang mag-anak dahil hindi nila kami kagyat na napagbuksan ng pinto.

"Pasensya na kayo, simula ng binaril ang anak ko dito sa aming bahay ay hindi na kami bastang nagbubukas ng pinto." Sinalaysay ni Tatay Juan kung paanong pinaslang ang kanyang binatang anak dahil sa lupang kinakamkam sa kanila. *"Huwag muna kayong umuwi, magpaumaga na kayo. Magkwentuhan muna tayo magdamag!"*, wika ni Tatay.

Damang-dama ang pananabik ng masa sa mga kasama. Humingi kami ng kapunahan kung bakit ngayon lang sila muling naugnayan.

Gustuhin man namin ay kinakailangan na bumalik na kami sa *main body* para mag-ulat dahil kailangan pa naming magpatuloy sa byahe.

"Nay, Tay, pasensya na ho kailangan na naming bumalik sa mga kasama. Nagpapasalamat po kami sa inyong pagtanggap sa amin. Aasahan ho namin na panghahawakan ninyo ang aming nga tagubilin para matiyak ang ating kaligtasan. Sa pagbalik namin ay tyak pong mas mahaba pa ang ating magiging kwentuhan", pagpapaalam ko.

"Lumalim ang gabi nang hindi halos namamalayan,
kapwa nalilibang ang hukbo at masa sa kwentuhan;
Ang masa'y mistulang nagkatanglaw sa kadiliman
Ang hukbo'y napawi ang alinlangan sa eryang binalikan.
Ang bawat kwento ay puno ng pag-asa
Na magtatagumpay yaring pakikidigma...."

"Naku! Hindi na ba talaga pwedeng bukas na? Ay sya, ang mga kasama nyo kaya ay nakakain na? Wala na kaming bigas pero pwede kaming magbayo ng palay. May kaunti pa kaming tirang binhiin."

"Naku po, ayos na po itong ibinigay nyo. Hindi naman po kami naghahangad nang malaki sa inyo," pagpigil ko. Sumabat sa usapan ang panganay ni Tatay, *"Pasensya na talaga kayo. Hayaan ninyo sa susunod ay mag-imbak kami para pagdating nyo ay mayroon kaming maibigay."*

Tugon ko, *"Maraming salamat po talaga sa inyo! Pero higit po dyan ay mas magagalak kami kung mabubuo natin muli ang pagkakaisa sa pagitan ng hukbo at ng masa. Kung payag po kayo ay mabuo natin ang inyong pamilya sa grupo bilang tanda ng ating pagkakaisa."*

Walang pag-aatubili at halos sabay-sabay silang tumugon, *"Ay ayos lang sa amin!"* Dagdag pa ni Tatay Juan, *"Sa amin naman ay hindi nagbago ang aming diwa sa inyo sa kabila ng napakatagal na panahon bago namin kayo ulit nakausap. Nung una nga ay nag-alala kami kasi wala nang napapadaan dito. Pero masaya kaming nakadaan kayo dito sa amin. Welcome kayo palagi dito, pwede kayo kumuha sa aming*

tanim kung wala kayong makain kahit wala kami. Basta mag-iingat kayo palagi at wag madadala na magpunta dito." Buong galak kaming tumugon, *"Naku, hinding-hindi po kami madadala at sana kayo rin. Sobra ho kaming nagagalak at nagkadaupang palad tayong muli. Pasensya na ho talaga kung di kami makatagal ngayon. Tiyak naman hong babalik kami dito. Mag-iingat po kayo palagi!"*

"Ang gabing ito ay isang gabi ng tagumpay
Na nagpapakitang muling talo ang mga kaaway;
kahit na pansamantalang naiwan ang erya
hindi nagbago ang pagmamahal sa hukbo ng masa.
Isang patunay na ang digmang bayan ay wasto
Kahit anong gawin ng kaaway ay tyak na mabibigo!"

Mabuhay ang NPA!


Dinig ko pa ang kaluskos ng iyong marahang yapak
Na maingat kung gumalaw
At kumubli sa pusikit
At aliwalas ng parang.

Ikaw ang pinakamatatag
Ang pinakadalisay sa naaagnas mong lipunang sumira sa iyong pangarap
At itinakwil ang pagiging bayaran
Dakila ka sa mata ng maralita
Lansagin ang pastuhan! Isulong ang Rebolusyong Agraryo!

Sumumpa kang durugin ang iyong kaaway
Na kaaway ng masang iyong pinaglilingkuran
At sa yugtong ito
Ng matinding pagtugis sa iyo at sa base mo
Ng pag-ulan ng mga bomba, artilyera, at bala
At pagaspas sa himpapawid ng mapangawasak na makinarya ng reaksyunaryo
Higit mong hinigpitan ang hawak sa sandata
Habang nagsasaya silang nagtaksil sa bayan mo
Wala kang sinandigan kundi ang Partido
Marahil hindi pa ngayon ang tagumpay ngunit hindi pa ito ang wakas
Ang wakas ay sa kaaway at sa atin ang tagumpay
Abutin man ito ng siglo

Ibagsak ang Imperyalismo, Pyudalismo, at Burukrata Kapitalismo!
Hanggang sa huling hininga

Mabuhay ang ika-53 aniberasaryo ng Bagong Hukbong Bayan!



ANG PASYA NI NARDING

Ka Andy

"Dalawang gabi nang sunod-sunod na dumaan ang trak ng army. Laging tambak ng tao, di namin alam kung saan ito pumupunta," pagbabahagi ni Narding kay Ka Red.

Masaya siyang muling makita ang mga kasama. Matagal na mula noong huli silang binalikan ng mga hukbo. Pana-panahon na lamang siyang nakukumusta sa pamamagitan ng text. Ngunit kahit ganoon ay buong pagmamalaking ginampanan ni Narding ang tungkulin niya sa mga kasama, lalo sa pagbabantay sa mayor na haywey na malapit sa sityo niya.

"Dalawang beses sa isang linggo sila dumadaan. Mag-iisang buwan nang ganito," dagdag pa niya.

Batid ni Narding ang kahalagahan ng pagbabantay sa kalsada para makibalita sa militar. Ang bawat pagpasok at paglabas ng trak nito ay nagbabadya ng operasyon. Pansin nitong madalas ang pasok ng mga trak ng kaaway pa-hulo. Lalo na noong nagkaroon ng labanan sa bundok isang buwan na ang nakakaraan.

"Doon pa rin ba sila dumadaan sa dating ruta?" tanong ni Ka Red.

Tumango si Narding.

"Pwede mo kaya kaming samahan?"

"Mahirap lumakad ngayon, Ka Red. Mapapansin ka dahil sa hitsura mo," maingat niyang sagot.

"Kung gabi?"

Kinonsidera ng binata ang mungkahi. Walang makakapansin sa kanila pag gabi sila lumakad.

"Sige."

Kinagabihan, sinamahan niya si Ka Red at Ka Andrew sa haywey kung saan madalas makita ang mga kaaway. Binaybay nila ang kahabaan ng daan. Umahon sa mga karatig na gulod at nag-obserba sa paligid. Matapos ang isang oras na paglilibot ay naglakad na rin pauwi.

Habang pahinga ay nagtalakayan. Matiyagang ipinaliwanag ni Ka Andrew kay Narding ang kahalagahan ng paglaban ng mamamayan lalo sa panahon ng panggigipit at pananakot ng militar.

"Nauunawaan ko ang sinasabi niyo, kasama. Kaya lang di ko pa kaya gawin ang ginagawa niyo,"

"Maraming paraan para sumuporta. Kahit hindi ka pa handang sumampa, malaki ang matutulong mo para malabanan natin ang kaaway," ani Ka Andrew.

"Kahit ang pag-alam ng balita ay ambag na para magawa natin ang ating tungkulin sa rebolusyon," dagdag ni Ka Red.

Nakaramdam ng tuwa si Narding. Di pa man siya handang maging hukbo sa ngayon, nangako siya sa kanyang sarili na mahusay niyang gagawin ang trabahong binigay sa kanya. Pasasalamat niya ito sa mga nagligtas sa kanyang buhay nang maratay siya noon matapos bugbugin ng mga kaaway.

Hindi nagtagal ay umalis na rin ang dalawa. Hindi man niya alam kung saan na sila nagpunta, masugid pa rin niyang ginampanan ang kanyang trabaho.

Isang gabi, narinig niya na naman ang ugong. Dali-daling lumabas si Narding, tanaw ang mga trak. Kita ang liwanag sa malayo, parang mga alitaptap. Nagmamadali siyang nag-text.

BOOOOOOOM!!

Napadapa siya sa narinig. Naisip niya ang dalawang kasama.

Sana ay nasa ligtas silang kalagayan.

Kinaumagahan, nasagap niya ang balita. Isang trak ng militar mula sa convoy ang biglang napahinto ng malakas na pagsabog. Kwentuhang kalat ang mga bubog at namula ang kalsada dahil sa dugo.

"Parang inambus, baka gawa ng mga kasama 'yan" bulung-bulungan na hanggang sa baba.

Naalala ni Narding ang talakayan niya sa mga kasama, lalo na sa sinabi nilang kaya pa ring mag-ambag ng mga sibilyang di pa handa maging hukbo. Nakaramdam siya ng di maikubling galak. Para siyang nabigyan ng hustisya sa nangyari.

Ganito pala ang pakiramdam na tumulong sa hukbong labanan ang kaaway. Pagbalik niyo rito, sasama na rin ako sa inyo! pangako ni Narding sa kanyang sarili.

Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph